**Tanggapan ng Punong-bayan para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad**
**Form ng Pagkolekta ng Impormasyong Pandemograpiya**

Mahal na Nangungupahan:

Buong pagpipitagan na hinihiling ng San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD, Tanggapan ng Punong-bayan para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad) na kumpletuhin mo ang Form ng Pagkolekta ng Impormasyong Pandemograpiya para sa iyo at sa iyong sambahayan. Kinokolekta ng MOHCD ang mga datos sa lahi, etnisidad, sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian ng mga kalahok at nangungupahan sa mga programa at proyektong pabahay na aming pinopondohan. Makakatulong sa amin ang impormasyon na matiyak na natutugunan ng mga programa, proyekto at serbisyong ito ang mga pangangailangan ng iba't ibang komunidad. Bukod dito, makakatulong sa amin ang impormasyon na matugunan ang mga iniaatas sa pag-uulat ng mahahalagang tagapagpondo sa abot-kayang pabahay, tulad ng HUD (U.S. Department of Housing and Urban Development o Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Kalunsuran ng U.S.). Hindi mo kailangang kumpletuhin ang form na ito. Kung pipiliin mong gawin ito, lubos namin itong pasasalamatan.

Makatitiyak ka na poprotektahan ng MOHCD ang iyong personal na matutukoy na impormasyon (PII) mula sa pagkawala, pagnanakaw, maling paggamit at hindi awtorisadong pag-access at pagsisiwalat. Kasama sa PII ang pangalan, address, petsa ng kapanganakan, lahi at etnisidad, kasarian, sekswal na oryentasyon, laki ng sambahayan at kita. Bukod dito, hindi kailanman kasama ang PII sa mga ulat, pampublikong dokumento o pampublikong website.

*Salamat sa tulong mo!*

---

**Ang Petsa sa Araw na ito:** ______________

**Apelyido ng Puno ng Sambahayan:** ____________________ **Pangalan ng Puno ng Sambahayan:** _______________________

**Petsa ng Kapanganakan:** ____________ **Address ng Kalye:** _________________________ **Numero ng Yunit:** _______________

**1) Ano ang pangunahing wikang sinasalita mo sa bahay?** (Mangyaring lagyan ng tsek ang ISA)
- ☐ Tsino - Cantonese
- ☐ Tsino - Mandarin
- ☐ Ingles
- ☐ Filipino
- ☐ Ruso
- ☐ Espanyol
- ☐ Vietnamese
- ☐ Iba pang Wika. Mangyaring Tukuyin: _____________________

**2) Ano ang iyong kasarian?** (Mangyaring lagyan ng tsek ang ISA na pinakamahusay na naglalarawan sa kasalukuyan pagkakakilanlan ng iyong kasarian)
- ☐ Babae
- ☐ Lalaki
- ☐ Genderqueer/Non-Binary na Kasarian
- ☐ Trans na Babae
- ☐ Trans na Lalaki
- ☐ Hindi Nakalista. Mangyaring Tukuyin: _____________________

**3) Paano mo mailalarawan ang iyong sekswal na oryentasyon o sekswal na pagkakakilanlan?** (Mangyaring lagyan ng tsek ang ISA)
- ☐ Bisexual
- ☐ Gay/Lesbian/Nagmamahal sa Kapareho ng Kasarian
- ☐ Questioning/Hindi Sigurado
- ☐ Straight/Heterosexual
- ☐ Hindi Nakalista. Mangyaring Tukuyin: ______________________

**4) Ilang indibidwal ang nakatira sa iyong sambahayan (kabilang ang iyong sarili)?** _____________

**5) Ilang bata ang nakatira sa iyong sambahayan (mga indibidwal na nasa edad na 18 at mas bata pa)?** ________

**6) Ilang matatanda ang nakatira sa iyong sambahayan (mga indibidwal na nasa edad na 62 at mas matanda pa)? ______**

**7) Ilang beterano ang nakatira sa iyong sambahayan? ____________**
Ang mga beterano ay mga taong nakapaglingkod (kahit sa maikling panahon), ngunit kasalukuyang hindi naglilingkod, bilang active duty sa U.S. Army, Navy, Air Force, Marine Corps, o Coast Guard, o nakapaglingkot sa U.S. Merchant Marine sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang mga taong naglingkod sa National Guard o mga Reserve ay nakaklasipika bilang mga beterano lamang kung sila ay tinawag o inatasang maging active duty, hindi kasama ang 4-6 na buwan para sa unang pagsasanay at mga taunang summer camp.

**Hinihiling ng MOHCD ang impormasyon tungkol sa mga kapansanan upang suportahan ang mga pagsusumikap na itugma ang mga pangangailangan ng sambahayan sa mga tampok na aksesibilidad ng yunit.**
**8) Mangyaring markahan ang LAHAT ng naaangkop sa SINUMAN sa iyong sambahayan:**
☐ Kahirapang makarinig: hindi makarinig o lubhang nahihirapang makarinig
☐ Kahirapang makakita: hindi makakita o lubhang nahihirapang makakita, kahit na kapag nagsusuot ng salamin sa mata
☐ Nahihirapang gumalaw: lubhang nahihirapang maglakad o umakyat ng hagdan, limitado ang lakas sa pagkapit/kakayahang gamitin ang kamay, nahihirapang tumayo mula sa pagkakaupo, o nangangailangan ng mas mababang countertop sa kusina o espasyong pagtatrabahuhan
**Ilang indibidwal sa iyong sambahayan ang mayroong alinman sa mga kapansanan sa itaas? ______**

**9) Alin ang pinakamahusay na naglalarawan sa iyong lahi/etnisidad?** (Mangyaring markahan ang LAHAT ng kahon na naaangkop, tingnan sa ibaba ang listahan ng mga depinisyon)

**Asyano**
☐ Tsino
☐ Filipino
☐ Hapon
☐ Koreano
☐ Mongolian
☐ Taga-Gitnang Asya
☐ Taga-Timog Asya
☐ Taga-Timog-Silangang Asya
☐ Iba pang Asyano _________________

**Itim**
☐ Aprikano
☐ Aprikanong Amerikano
☐ Karibe, Taga-Gitnang Amerika, Taga-Timog Amerika o Mehikano
☐ Iba pang Itim _________________

**Katutubo**
☐ Amerikanong Indiyano/Katutubong Amerikano - (Partikular na Grupo:__________________________)
☐ Katutubong mula sa Mehiko, Karibe, Taga-Gitnang Amerika o Taga-Timog Amerika - (Partikular na Grupo: _________)
☐ Iba pang Katutubo ___________________________

**Latino**
☐ Karibe
☐ Taga-Gitnang Amerika
☐ Mehikano
☐ Taga-Timog Amerika
☐ Iba pang Latino _____________________

**Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asya o Hilagang Aprikano**
☐ Hilagang Aprikano
☐ Kanlurang Asyano
☐ Iba pang Taga-Gitnang Silangan o Hilagang Aprikano __________________

**Taga-Isla Pasipiko**
☐ Chamorro
☐ Katutubo ng Hawaii

☐ Taga-Samoa
☐ Iba pang Taga-Isla Pasipiko ____________________

**Puti**
☐ Europeo
☐ Iba pang Puti ____________________

**Mga Depinisyon para sa Lahi at Etnisidad:**
Binuo ang mga kategoryang ito ng lahi at etnisidad nang may input ng komunidad. Kumakatawan ang mga kategoryang ito sa pag-unawa ng MOHCD sa pagkakahati-kati ng lahi at etnisidad sa mga residente ng Lungsod, na kinikilala na ang mga kategorya ng lahi at etnisidad ay mga dinamikong konsepto, ang mga kahulugan nito ay binabago batay sa paraang tinutukoy ng mga indibidwal, komunidad at institusyon ang kanilang mga sarili at ang iba.

- Asyano - Tsino: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Tsina
- Asyano - Filipino: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Pilipinas
- Asyano - Hapon: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Japan
- Asyano - Koreano: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng North o South Korea
- Asyano - Mongolian: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Mongolia
- Asyano - Taga-Gitnang Asya: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Kazakhstan, Kyrgyzstan, Tajikistan, Turkmenistan, o Uzbekistan
- Asyano - Taga-Timog Asya: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Afghanistan, Bangladesh, Bhutan, India, Maldives, Nepal, Pakistan, o Sri Lanka

**Mga Depinisyon para sa Lahi at Etnisidad (ipinagpapatuloy):**
- Asyano - Taga-Timog Silangang Asya: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Brunei, Burma, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Singapore, Thailand, o Vietnam
- Itim - Aprikano: Pinagmulan sa alinman sa mga grupo ng lahing itim na taga-Aprika at mula sa Aprika
- Itim - Aprikanong Amerikano: Pinagmulan sa alinman sa mga grupo ng lahing itim na taga-Aprika at karaniwang inapo ng mga inaliping mamamayang itim sa Estados Unidos
- Itim - Karibe, Taga-Gitnang Amerika, Taga-Timog Amerika o Mehikano: Pinagmulan sa alinman sa mga grupo ng lahing itim na taga-Aprika at karaniwang inapo ng mga inaliping mamamayang itim sa Karibe, Gitnang Amerika, Timog Amerika, o Mehiko
- Katutubo - Amerikanong Indiyano/Katutubong Amerikano: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Hilagang Amerika
- Katutubo - Katutubo mula sa Mehiko, Karibe, Gitnang Amerika, o Timog Amerika: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Mehiko, Karibe, Gitnang Amerika o Timog Amerika
- Latino - Karibe: Pinagmulan sa Karibe
- Latino - Taga-Gitnang Amerika: Pinagmulan sa Gitnang Amerika
- Latino - Mehikano: Pinagmulan sa Mehiko
- Latino - Taga-Timog Amerika: Pinagmulan sa Timog Amerika
- Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asya o Hilagang Aprikano - Hilagang Aprikano: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Algeria, Egypt, Libya, Morocco, o Tunisia
- Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asya o Hilagang Aprikano - Kanlurang Asyano: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Armenia, Azerbaijan, Bahrain, Cyprus, Georgia, Iran, Iraq, Israel, Jordan, Kuwait, Lebanon, Oman, Palestine, Qatar, Saudi Arabia, Syria, Turkey, United Arab Emirates, o Yemen
- Taga-isla Pasipiko - Chamorro: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Mariana Islands, kabilang ang Guam
- Taga-isla Pasipiko - Katutubong Taga-Hawaii: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng mga Isla ng Hawaii
- Taga-Isla sa Pasipiko - Samoan: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Samoa
- Puti - Europeo: Pinagmulan sa alinman sa mga orihinal na mamamayan ng Europa